


# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 10: Pagbibigay-kahulugan sa Bar Graph, Pie Graph, Talahanayan at Iba pa



**Filipino – Ikalimang Baitang**

**Alternative Delivery Mode**

**Unang Markahan – Modyul 10: Pagbibigay-kahulugan sa Bar Graph, Pie Graph,**

**Talahanayan at Iba pa**

**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Arlene R. Domingo

**Editor:** Lea C. Aberia, Shirley B. Bacal, Ma. Shiela C. Adona, Alice B. Maglinte,  
Ronald B. Llaneta

**Tagasuri:** Virgina C. Dulfo, Arnulfo B. Mendiola

**Tagaguhit:** Michael Q. Balan

**Tagalapat:** Michael B. Balan, Swelyn E. Forro

**Tagapamahala:**

Ramir B. Uytico

Bernardo A. Adina

Arnulfo M. Balane

Gaudencio C. Albije Jr.

Rosemarie M. Guino

Lea C. Aberia

Teodorico C. Peliño Jr.

Virginia C. Dulfo

Joy B. Bihag

Ma. Teresa B. Afable

Ryan R. Tiu

Shirley B. Bacal

Dandy G. Acuin

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region VIII**

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: 053-832-2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

# **Filipino**

**Unang Markahan – Modyul 10:  
Pagbibigay-kahulugan sa  
Bar Graph, Pie Graph,  
Talahanayan at Iba pa**

# Paunang Salita

Ang *Self-Learning Module* o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

Binabati kita kaibigan dahil nasa huling bahagi na tayo ng ating paglalakbay sa Unang Markahan. Muli, ako si Kokoy ang gagabay sa iyo. Inaasahan ko na sa pagtatapos ng modyul na ito matututuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan:

1. nabibigyang-kahulugan ang bar graph, pie, talahanayan at iba pa;
2. nakagagawa ng sariling graph; at
3. napapahalagahan ang paggamit ng mga grapikong pantulong sa pamamagitan ng paggawa ng sariling pie grap na nagpapakita ng kasipagan sa mga gawaing pampaaralan at pantahanan.

Tara na magsimula na tayo!






## Subukin


Araw-araw nakaririnig tayo ng iba't ibang balita tungkol sa mahahalagang isyu sa loob at labas ng bansa. Ilan sa mga nakikita at naririnig nating balita sa kasalukuyan ay ang paglobo sa bilang ng mga nagkakaroon ng sakit na COVID-19, pagtaas sa bilang ng mga naluluging kompanya at iba pa dahil sa pandemya. Nakapaloob sa balita ang mga datos at grapikong representasyon na kinakailangan nating unawain. Dahil dito, mahalagang matutuhan ng isang batang tulad mo kung paano unawain at mabigyang-kahulugan ang iba't ibang datos.

Subukin mo ngayong kilalanin ang iba't ibang uri o ngalan ng grap sa ibaba. Sagutin ang mga tanong tungkol dito.



1. Ano ang tawag sa grap na ipinapakita sa itaas?  
A. bar grap      B. larawang grap      C. linyang grap      D. pie grap
2. Batay sa grap, alin sa mga asignatura ang may pinakamataas na resulta sa NAT?  
A. English      B. EPP      C. Filipino      D. Math

B.








3. Ang ipinapakita sa itaas ay isang halimbawa ng anong uri ng grap?

- A. bar grap    B. larawang grap    C. linyang grap    D. pie grap

4. Batay sa grap, sino ang may pinakamababang timbang?

- A. Rex    B. Ron    C. Ryan    D. Sam

C.

Ani ng Pamilya Domingo sa Taniman ng kanilang Mangga sa Loob ng Isang Buwan	
Linggo	Ani ng Pamilya Domingo
Una	
Ikalawa	
Ikatlo	
Ikaapat	
 - katumabas ng 150 na mangga	


5. Alin sa mga sumusunod ang tawag sa grap na ipinapakita sa itaas?

- A. bar grap    B. larawang grap    C. linyang grap    D. pie grap

6. Anong linggo nagkaroon ng pinakamaraming ani ang pamilya Domingo?

- A. Una    B. Ikalawa    C. Ikatlo    D. Ikaapat

D.



1. Anong uri ng grap ang ipinapakita sa itaas?  
A. bar grap      B. larawang grap      C. linyang grap      D. pie grap
8. Anong hayop ang may pinakamalaking bahagi sa grap?  
A. aso      B. ibon      C. isda      D. pusa

E.

**Talahanayan ng Iba't ibang Sakit sa Pilipinas  
(Kabuuang kaso/1,000\*)**

Sakit	Taon			
	1990	1995	2000	2005
Polio	33	9	7	0
Tetanus	148	95	64	51
Measles	47.4	29.1	27.8	1
Mumps	105	8.6	5.3	1.5
Diabetes	4.2	1.7	4.5	4.6

9. Ipinapakita sa itaas ang anong uri ng grapikong pantulong?  
A. grap      B. mapa      C. talahanayan      D. tsart
10. Ayon sa Talahanayan ng Iba't ibang Sakit sa Pilipinas, ilan ang nagkasakit ng polio sa taong 1995?  
A. 0      B. 7      C. 9      D. 33



## Aralin

# 1

## Pagbibigay-kahulugan sa Bar Graph, Pie Graph, Talahanayan at Iba pa


Alam mo ba na ang *graph* ay representasyon ng mahahalagang tala? Ito ay mahalagang malaman sapagkat sa pamamagitan nito’y madaling makita ang katangian o kalagayan ng isang bagay, produkto, at ibang kauri nito. Halimbawa, sa pamamagitan ng *graph*, nalalaman natin ang iba’t ibang bansa sa mundo, pati na ang bilang ng populasyon sa bawat bansa. Gayundin ang uri ng pamahalaang kinabibilangan at marami pang iba.



### **Balikan**

Alam kong marami ka nang graph na nasuri at napag-aralan. Maaaring ang mga ito ay may kaugnayan sa mga datos tungkol sa pamilya, pamayanan, lipunan at marami pang iba na makikita sa iyong paligid. Kahit sa iyo ay malaki ang maitutulong nito lalo na sa iyong pag-aaral. Kagaya halimbawa sa markang iyong natatanggap sa mga asignatura. Tumataas ba o bumababa?

Suriin natin ang nangyari kay Junro. Napakasaya ni Junro nang makita niya ang malaking pagbabago sa kanyang marka sa Filipino sa loob ng limang buwan. Tingnan sa grap ang pagbabago sa kanyang marka mula Agosto hanggang Disyembre.




1. Sa anong asignatura nagkaroon ng pagbabago ang marka ni Junro?  
A. English      B. Filipino      C. Math      D. Science
2. Sa anong buwan pinakamataas ang kanyang nakuhang marka?  
A. Agosto      B. Setyembre      C. Oktubre      D. Disyembre
3. Sa anong buwan naman ang pinakamababa?  
A. Agosto      B. Setyembre      C. Oktubre      D. Disyembre
4. Tumaas ba ang marka ni Junro sa Nobyembre kompara noong Setyembre? Gaano kalaki ang itinaas o ibinaba nito?  
A. bumaba ng 2 puntos      C. tumaas ng 2 puntos  
B. bumaba ng 4 puntos      D. tumaas ng 4 puntos



## Tuklasin

Siyempre, bukod sa mga marka sa klase, magagamit mo rin ang grap kapag sumakay ka sa dyip. Tulad ng bilang ng pasahero ni Mang Julio sa kaniyang dyip.



*\*n.u. – ng umaga*

*\*n.h. – ng hapon*

Mga tanong:

1. Ayon sa grap, anong oras mayroong pinakamaraming pasahero si Mang Julio?  
A. 6:00 n.u.    B. 8:00 n.u.    C. 11:00 n.u.    D. 3:00 n.h
2. Ilan ang nagiging pasahero ni Mang Julio tuwing alas-otso ng umaga?  
A. anim    B. isa    C. labindalawa    D. sampu
3. Anong oras naman may pinakamababang sumasakay na pasahero kay Mang Julio?  
A. 6:00 n.u.    B. 8:00 n.u.    C. 11:00 n.u.    D. 3:00 n.h
4. Ilan ang nagiging pasahero ni Mang Julio tuwing alas-sais ng umaga?  
A. anim    B. isa    C. labindalawa    D. sampu
5. Ano ang paksang tinatalakay sa grap?  
A. Bilang ng pasahero ni Mang Julio  
B. Bilang ng sasakyan ni Mang Julio  
C. Oras ng pasahero ni Mang Julio  
D. Oras ng pagtulog ni Mang Julio




## ***Suriin***

Alam mo ba na ang tsart, grap at talahanayan ay mga grapikong pantulong upang madaling maunawaan at nagagawang payak ang mga datos na inilalahad sa isang teksto? Kapaki-pakinabang ang mga ito para sa isang mananaliksik o tagapagsuri sapagkat malinaw at siyentipiko niyang natatalakay ang kanyang paksa.


1. **Tsart.** Ang tsart ay nagpapakita ng dami o istruktura ng isang sistema sa pamamagitan ng hanay batay sa hinihingi o ibinibigay na impormasyon.

Halimbawa:

- a. Tsart ng Organisasyon








- b. Flow Tsart



2. **Grap (Graph).** Ang grap ay matatagpuan sa mga aralin sa Matematika, Agham, at Sibika. May iba't ibang uri ng grap tulad ng sumusunod:


a. **Larawang grap (Pictograph).** Larawan ang ginagamit upang kumatawan sa mga datos, impormasyon o produkto. Mahalaga na maging magkakasinlaki ang mga larawan. Ang kalahati o hinating larawan, kalahati rin ang bilang nito (50%), ang mga datos na 55-90% ay nangangahulugang buong larawan.

Halimbawa:

Ani ng Pamilya Domingo sa Taniman ng kanilang Mangga sa Loob ng Isang Buwan	
Linggo	Ani ng Pamilya Domingo
Una	
Ikalawa	
Ikatlo	
Ikaapat	
 - katumabas ng 150 na manga	


b. **Linyang grap (Line Graph).** Binubuo ng linyang *perpendicular*. Ito ay ginagamit sa pagsukat ng pagbabago o pag-unlad. Ang patayo at pababang linya ay may kaukulang pagtutumbas. Gamit ang linya at tuldok, tinutukoy nito ang mga salik tulad ng interbal, bilis, bagal o tagal ng mga bagay na nakatala sa bawat gilid.

Halimbawa:




- c. **Bar Grap (Bar Graph).** Nagpapakita ng paghahambing ng mga datos gamit ang bar sa halip na tuldok at linya upang tukuyin ang kantidad. Parihaba ang anyo ng grap, maaaring patayo o pahiga ang mga datos na sinisimbolo ng bar.

Unang halimbawa: Patayo na *Bar Graph*



Pangalawang Halimbawa: Pahiga na *Bar Graph*



d. **Bilog na Grap (Pie Graph).** Ito’y sumusukat at naghahambing ng mga datos o impormasyon sa pamamagitan ng paghahati-hati nito.

Halimbawa:



3. **Talahanayan (Table).** Ang talahanayan ay naglalahad ng datos sa tabular na anyo. Sistematikong inilalagay sa mga hanay o kolum ang mga nalikom na datos.

Halimbawa:


**Talahanayan ng Iba’t ibang Sakit sa Pilipinas  
(Kabuuang kaso/1,000\*)**

Sakit	Taon			
	1990	1995	2000	2005
Polio	33	9	7	0
Tetanus	148	95	64	51
Measles	47.4	29.1	27.8	1
Mumps	105	8.6	5.3	1.5
Diabetes	4.2	1.7	4.5	4.6



## Pagyamanin

Suriin ang grap na nasa ibaba, at sagutin ang mga tanong na kasunod nito.



- Ang grap na nasa itaas ay tinatawag na \_\_\_\_\_.  
A. bar grap      B. larawang grap      C. linyang grap      D. pie grap
- Tungkol saan ang grap na ito?  
A. Buwanang konsumo ng pamilya ni Aling Mila sa taong 2019  
B. Buwanang konsumo ng kuryente ni Aling Mila sa taong 2019  
C. Buwanang konsumo ng kuryente ng pamilya sa taong 2019  
D. Buwanang konsumo ng kuryente ng pamilya ni Aling Mila sa taong 2019
- Ilang *kWh* ang konsumo sa kuryente ng pamilya ni Aling Mila noong Pebrero?  
A. 200                      B. 225                      C. 235                      D. 240
- Ang pinakamababang konsumo ay \_\_\_\_\_ noong buwan ng \_\_\_\_\_.  
A. 115 kWh, Enero                      B. 125 kWh, Disyembre  
C. 115 kWh, Nobyembre                      D. 125 kWh, Oktubre
- Ang pinakamataas naman na konsumo ay \_\_\_\_\_ noong buwan ng \_\_\_\_\_.  
A. 275 kWh, Mayo                      B. 280 kWh, Hunyo  
C. 275 kWh, Hulyo                      D. 280 kWh, Disyembre





## ***Isaisip***

Binabati kita dahil matagumpay mong naisagawa ang mga naunang gawain sa modyul na ito. Sa bahaging ito, sasagutin mo ang mga sumusunod upang mailahad ang iyong natutuhan sa modyul.

Kumpletuhin ang mga sumusunod na pahayag.

1. Natutuhan ko na \_\_\_\_\_

---

---

---

2. Mahalaga ang paggamit ng bar graph, talahanayan at iba pa dahil

---

---

---

3. Bilang isang mag-aaral, magagamit ko ang mga natutuhan ko sa araling ito sa pamamagitan ng \_\_\_\_\_

---


---



## Isagawa

Basahin ang sitwasyon at pag-aralan ang grap. Pagkatapos maunawaan ang binasang sitwasyon at grap ay sagutin ang mga sumusunod na tanong.

Nais ni Jun na maging inhinyero paglaki niya. Ang pagiging inhinyero ay isa lamang sa mga propesyong maaaring matapos ng isang mag-aaral sa kolehiyo. Nasa grap sa ibaba ang iba't ibang propesyon at ang bilang ng nagtapos.



Mga tanong:

1. Ilang propesyon ang binigyang-impormasyon sa grap?  
A. isa                      B. sampu                      C. pito                      D. walo
2. Aling propesyon ang may pinakamaraming bilang ng nagtapos?  
A. akawntant              B. guro                      C. nars                      D. sekretarya
3. Aling propesyon naman ang may pinakakaunting bilang ng nagtapos?  
A. akawntant              B. guro                      C. nars                      D. sekretarya
4. Ayon sa grap, ilan ang bilang ng nagtapos na doktor?  
A. 10                      B. 58                      C. 80                      D. 100
5. Piliin sa mga sumusunod ang pinakamainam na pamagat ayon sa grap.  
A. Bilang ng nagtapos sa iba't ibang propesyon  
B. Bilang ng hindi natapos sa kanilang kurso  
C. Mga iba't ibang propesyon  
D. Mga kurso sa aming kolehiyo




## Tayahin

**Gawain A.** Tingnan nang mabuti ang talahanayan at sagutin ang kasunod na mga tanong. Piliin lamang ang titik ng tamang sagot.

Mga Bagong Gusali sa Paaralan	Kabuuang Bilang ng Silid
1. Gusaling Pantanggapan	5
2. Gusaling Panteknolohiya	7
3. Gusaling Pang-Iskawting	10
4. Gusaling Pangkalusugan	4
5. Gusaling Pantanghalan	2

- Alin sa mga gusali ang may apat na silid?  
A. Pangkalusugan  
B. Pang-Iskawting  
C. Pantanggapan  
D. Pantanghalan
- Anong uri ng mga gusali sa paaralan ang nasa talahanayan?  
A. luma  
B. bago  
C. bagong pintura  
D. luma at walang kulay

**Gawain B.** Tingnan nang mabuti ang *pie graph* na nasa ibaba at sagutin ang mga sumusunod na tanong.




- Ilang bahagdan ang nakalaan sa pagkain?  
A. 5%      B. 10%      C. 15%      D. 30%

4. Aling pangangailangan ang may pinakamaliit na bahagdan?  
A. aklat                      B. damit                      C. ipon                      D. libangan
5. Ano ang may pinakamaliit na bahagdan sa *pie graph*?  
A. pagkain                      B. libangan                      C. damit                      D. ipon

**Gawain C.** Tingnan nang mabuti ang pictograph na nasa ibaba at sagutin ang mga sumusunod na tanong.

**Buwanang Konsumo ng Kuryente ng Pamilya Grande sa Taong 2016-2019**



6. Batay sa grap sa itaas, anong buwan may pinakamataas na nakonsumo sa kuryente ang pamilya Grande?  
A. Abril                      B. Agosto                      C. Mayo                      D. Disyembre
7. Anong buwan naman may pinakamababang nakonsumo sa kuryente ang pamilya?  
A. Enero                      B. Hunyo                      C. Setyembre                      D. Nobyembre
8. Ilang kilowat ang nakonsumo ng pamilya sa buwan ng Setyembre?  
A. 50                      B. 30                      C. 75                      D. 100

9. Kung ikaw ay miyembro sa pamilyang Grande, paano mo matutulungan ang iyong ina upang hindi lumaki ang konsumo at bayarin sa kuryente?
- A. gumamit ng *electric fan* sa halip na *aircon* upang makatipid
  - B. iwasan ang palagiang paggamit ng cellphone para hindi *maglowbat*
  - C. panatilihing nakabukas ang pintuan upang makapasok ang hangin
  - D. patayin ang ilaw at iba pang gamit sa bahay kung hindi ginagamit
10. Tumaas ba ang konsumo ng kuryente ng pamilya Grande sa Oktubre kompara sa Agosto? Ilang kilowat ang itinaas o ibinaba nito?
- A. bumaba ng 25 kilowat
  - B. bumaba ng 50 kilowat
  - C. tumaas ng 25 kilowat
  - D. tumaas ng 50 kilowat
11. Ilang kilowat ang itinaas ng konsumo sa kuryente ng pamilya Grande sa buwan ng Setyembre at Oktubre?
- A. 25
  - B. 50
  - C. 100
  - D. 125



## ***Karagdagang Gawain***

Gumawa ng bilog na grap (pie graph) na nagpapakita sa iyong kasipagan sa mga gawaing pampaaralan at pantahanan.

Hatiin ang sumusunod na mga gawain sa bilog na pie ayon sa tamang pagkakahati-hati.

Gawain:

Pag-aaral ng mga leksiyon

Pagsali sa mga gawaing extra-curricular

Pagtulong sa mga gawaing-bahay

Pagbabasa ng aklat

Paglilinis ng silid-aralan

<b>Mga Pamantayan</b>	<b>Laang Puntos</b>	<b>Puntos ng Guro</b>
1. Malinis ang pagkaggawa sa grap	3	
2. Nahahati ang mga nakasaad na mga gawaing pampaaralan at tahanan sa pie grap	3	
3. Naitala ng wasto ang porsyento sa pagkakahati ng mga gawain na may kabuuang 100%	3	
4. Nakasulat ang <i>legend</i> sa bawat nakatalang gawain	3	
5. Naihambing ang mga datos o impormasyon sa pamamagitan ng paghahati-hati nito	3	
<b>Kabuoang Puntos</b>	<b>15</b>	



## Susi sa Pagwawasto

**TAYAHIN**

A. 1. A  
2. B  
B. 3. D  
4. C  
5. D  
C. 6. C  
7. C  
8. A  
9. D  
10. B  
11. A

**ISAGAWA**

Iba iba ang maaring sagot:

**ISAGAWA**

1. C  
2. C  
3. D  
4. B  
5. A

**PAGYAMANIN**

1. C  
2. D  
3. B  
4. B  
5. A

**TUKLASIN**

1. C  
2. C  
3. A  
4. A  
5. A

**BALIKAN**

1. B  
2. D  
3. A  
4. D

**SUBUKIN**

A. 1. C  
2. C  
B. 3. A  
4. A  
C. 5. B  
6. C  
D. 7. D  
8. A  
E. 9. C  
10. C

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)